

Ulat Balita ng Kinatawan ng Kongreso para sa Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki

Isyu bilang 47



KAWASAKI CITY
川崎市

Pinamamamnatnugutan at inilathala ng: Tanggapan ng Pantao at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian, Kawanihan ng Kapakanan ng mga Mamamayan at Mga Bata, tanggapan ng Lungsod ng Kawasaki

Petsa ng Paglathala: Marso, 2013

<http://www.city.kawasaki.jp/tl/category/178-3-0-0-0-0-0-0-0-0-0.html>

Pagkakaisa tungo sa Multi-kultural na pamumuhay

<Ulat ukol sa pagganap ng pagpupulong na bukas sa lahat>

Ginanap ang pagpupulong na bukas para sa lahat para sa taong 2012 noong ika-9 ng Disyembre sa Industrial Promotion Hall ng Lungsod ng Kawasaki. Ang pangunahing layunin ng pagpupulong na ito ay upang pakinggan ang opinion ng iba bukod sa mga kinatawan, upang gamitin itong reperensiya sa deliberasyon, pagpapakilala ng pagpupulong ng kinatawan, at magsisilbing lugar ng pagpapalitan at paghaharap-harap ng residenteng mga dayuhan at mga hapon. Sa loob ng 1 buwan bago ganapin ang pagpupulong na ito, ang mga kinatawan ay dumalaw sa mga paaralan ng kursong hapon sa loob ng siyudad, namahagi ng patalastas ukol sa pagpupulong, nakilahok ang mga mag-aaral, at nakipanayam sa mga banyagang residente. Sa araw na ito, may 110 kataong lumahok sa pagpupulong na umabot sa 3 oras (alas 2 hanggang alas 5). Sa unang bahagi ng pagpupulong, bumati sa kani-kanilang wika pagkatapos ay nagpakilala sa wikang hapon ang bawat kinatawan.

Sa pagkakataong ito, ang Assistant Manager na si Tsunoda ng Pangkalahatang pamamahala sa panahon ng Krisis ng Siyudad ng Kawasaki ay nagpahayag ukol sa temang [Aralin sa pag-iwas ng sakuna at kalamidad-kaalaman at paghahanda]. Sa pamamagitan ng animasyon at pagtatalakay, muling naramdaman ang mga bagay na nakakatakot sa lindol. Katunayan nito natunghayan ang masigasig na pagtatanong ng mga nagsilahok pagkatapos ng aralin.

Pagpapatuloy sa huling bahagi ng pagpupulong, Ang Lupon ay pinaghati sa dalawang bahagi na [sub-komisyon ng kapakanan ng Edukasyon] at [sub-komisyon ng buhay panlipunan.] Sa [kapakanan ng Edukasyon], pangunahin ang edukasyon sa tahanan, pag-aaral ng sariling wika, at intercultural. Sa buhay panlipunan naman ay paghahatid ng impormasyon at ng pakikibahagi sa gawain ng lokalidad. Sa ganitong paraan, nakapangalap ng mahalaga at iba't-ibang opinion mula sa mga nakilahok.

Bilang komentador ng sub-komisyon, nakilahok din sina Propesora Chikako Kashiwazaki ng Faculty ng Economics ng Keio University at Propesor Yuji Nakano ng Law School ng Komazawa University. Pagkatapos ng bahaging ito, muling pinag-isa ang pagpupulong at naging kahanga-hanga ang mga opinion lalo na ang ukol sa kulturang banyaga. Mayroon ding kasiyahan na ginanap pagkatapos ng pagpupulong.

Ang lahat ng mahalagang opinion na nakalap sa pagpupulong na ito ay gagamitin bilang reperensiyang mga kinatawan tungo sa pagpapaunlad ng siyudad ng Kawasaki. Ang pagpupulong ng kinatawan ay tumatanggap ng opinion ng mga observers sa pamamagitan ng email at fax. Inaasahan naming ang inyong kooperasyon. (Leong Yeun Gan)




●Opinyon mula sa nakilahok (bahagi)

Sub-komisyon ng kapakanang edukasyon

- Ang problemang mag-anak ay karaniwan din maging sa dayuhan man o hapones kaya't kung pwede magkaroon ng paghaharap ng mga magulang.
- Sa edukasyong pantahanan, sana mapag-usapan kung anong suporta ang magagawa ng siyudad tungkol dito.

Sub-komisyon ng buhay panlipunan

- Kung pwedeng maghatid ng impormasyon ng pagsasanay sa panahon ng kalamidad mula sa tanggapan ng pamahalaan.
- Halimbawang may miyembro sa lokalidad na marunong ng wikang banyaga, kung pwedeng lagyan ng konting paliwanag ang mga paalala.
- Sana ay magseminar mga kinatawan sa mga Sekondarya at Kolehiyo.



Sumali sa Multikultural na Piyesta ng Mizonokuchi



Idinaos muli ang [Multikultural na Piyesta ng Mizonokuchi] sa rooftop ng Takatsu Shiminkan ng Kawasaki noong ika-20 ng Oktubre, 2012.

Ang gumawa nito ay ang may mga kapansanan, dayuhan, bata at matatanda, mga supporters, at mga taong nasa ibat-ibang posisyon sa lokalidad kung saan ang layunin ay pagkakaintindihan at pagpapa-unlad ng pagkakaibigan, at higit sa lahat ang makabuo ng mapayapang pamumuhay sa iba't-ibang kultura. Kaming mga kinatawan ay naglabas ng world food kagaya ng [Goma danggo] ng Tsina, Tai curry noodles, ng Korea naman ay [Chijimi] at Gyoza ng Brazil.

Ang mga kinatawan ay nahati sa pagtitinda at pagluluto, na nagging umpisa ng pagkakasayahan. Maya't-maya ay labas ng bagong lutong putahe, habang hindi naman patatalo ang mga nagbebenta sa pamamagitan ng pagsabing "Irasshaimase" bilang



pagtawag-pansin sa mga mamimili. Marahil dahil sa aming pagiging masugid, dumami ang mga bisitang nagsipag datingan, habang nagpapalitan ng ngiti, may mga pagtitipon din ng pagsasalita ng iba't ibang wika ng mundo, pagpapakilala ng pagtitipon ng mga kinatawan. Maraming nabenta, habang ipinakilala sa mga mamimili ang putahe ng sariling -luto ng kinagigiliwang bansa, at higit na nakagagalak kaming makitang masaya ang bawat panauhin. (Yang Yi)



Sumali sa Shimin Matsuri



Idinaos ang ika-35 na Piyesta ng mga mamamayan (Shimin Matsuri) noong Nob. 2~4 sa Fujimi Ko-en.

Nagtayo ng booth para sa mga kinatawan ng dayuhan, nag display ng mga manika at instrumento ng bawat bansa at ipinakilala ang kasaysayan ng pagtitipon sa pamamagitan ng mga larawan, muli, nagpatikim ng mga inuming tsaa at juice galing sa Brasil, Korea at Tsina. Nasiyahan din karamihan ang mga bata sa taun-taong pagganap ng [World Quiz]

Pinakasikat ang larong pagbibingwit ng isda. (sakana tsuri). Ang (isda) ay mga supot ng sitsirya at mga gamit sa paaralan. Maraming sumali sa mga bata hanggang matatanda gamit ang chopstick na may kalawit bilang pamingwit at lahat ay seryosong nakisali sa laro.

Bukod dito, ang kinatawan ng mga dayuhan ay umakyat sa entablado upang magperform ng kani-kanilang katutubong awit at sayaw, nagpakilala at bumati sa kanilang sariling wika at ipinakilala din ang mga aktibidad na ginawa.

Sumali din ang mga kinatawan ng mga dayuhan sa ika-4 sa ginawang parade habang suot nila ang makulay at magagandang katutubong damit. Ang mga manonood sa gilid ng daan ay nagsipag-kaway at nagpalakpakan at masayang nagsusumigaw na may ngiti.

Naidaos ng buhay na buhay ang Shimin Matsuri dahil sa ganda ng panahon. May 880 katao ang bumisita sa booth ng kinatawan ng mga dayuhan. Inaasahang magiging mas malalim ang pagtitipon at pakikipag-salamuha ng mga mamamayan sa pamamagitan ng patuloy na pagdaraos nito. (Qun Wu)



Pagpapakilala Ng Nilalaman Ng Deliberasyon

Sub-komisyon ng buhay panlipunan

Natapos na ang deliberasyon ng ika-3 usapin ng sub-komisyon ng buhay panlipunan. Una, napag-usapan ang pag-imbata ng magulang. Ang mga dayuhang may pamilyang hapon, ang mga may edad na mga magulang ay tatawagin dito sa bansang hapon, sa layuning upang alagaan ay mahirap na bagay ayon sa sistema ng pamahalaan ng Imigrasyon. Ang sitwasyong ito ay inaasahang mabago tulad ng napagkaisahang opinion. Sumunod dito, ang mga tanggapan ng pamahalaan ng Lungsod, malaking tulong sa mga dayuhang magsusumiti nito kapag ang mga dokyumento ng Lungsod ay maisasalin sa iba't-ibang wika. Ito ay malaking tulong din hindi lamang sa mga dayuhan kundi pati na rin sa mga hapong naghahanap-buhay sa ibang bansa.



At ang pang-huli, tungkol naman sa mga aktibidades ng grupong lokal, nabanggit dito na hindi lamang sa mga hapon kundi pati mga dayuhan ay kinakailangang sumali sa mga gawain sa lokalidad upang pagtibayin ang pagkakaisa ng mga magkakapit-bahay. May mga kinatawang nais sumali ngunit hindi alam kung paano makakasali. Muli, bumababa din ang porsiyento ng pakikisali ng mga hapon mismo. Kaya't upang pa-unlarin ang kaalaman ng bawat isa kinakailangan ang kooperasyon. Sa kasalukuyan, pinag-uusapan ang deliberasyon ukol sa "Pag-promote ng mga kumpanya at pag-akit na magkontribusyon sa lipunan" at, "Paghahatid ng mga impormasyon". Inaasahan ang aktibong pagpapalitan ng kuro-kuro ng mga kinatawan ng bawat sub-komisyon.

(Pinuno ng Komisyon David Chart)

Sub-komisyon ng kapakanang edukasyon.

May 8 tema ang sub-komisyong kapakanang edukasyon, nahahati ito tulad ng sumusunod:

"Nangangailangan ng mahabang oras" Tema: Edukasyong pantahanan, pag-aaral ng sariling wika, pakikipagpalitan ng ibang kultura.

"Hindi nangangailangan ng mahabang oras" Tema : Suporta sa mga magulang, pang-aapi, Kapakanan ng mgamatatanda, pagpapalaki ng mga sanggol, Medikal



Una sa lahat, Tinawag ang pinuno ng Komite ng Education for long-life learning para maging tagapag-salita, habang gamit ang iba't ibang dokyumento at mga opinion na nakalap sa ginawang open-forum ng mga kinatawan, mga karanasan ng bawat miyembro pati na rin ang kanilang masigasig na layunin, Resulta nito: Nahati sa 3 tema:

- 1) Makapagbigay ng impormasyon na pagpapaliwanag ng sistema ng Edukasyon sa iba't ibang wika.
 - 2) Makapag-laan ng lugar kung saan makapagtipon-tipon ang mga dayuhang magulang.
 - 3) Makapagbigay ng pagkakataong mapakinggan ang mga tinig ng mga batang may kinalaman sa ibang bansa.
- Sa susunod ay ang pag-aaral ng sariling wika, pagpapalitan ng kuro-kuro tungkol sa kulturang banyaga at mapag-usapan ang mga bagay na hindi nangangailangan ng mahabang oras ay inaasahang tatalakayin.

Ang pinuno ng komite, ang bise at mga miyembro ng sub-komite na binubuo ng 14 katao ay nagkakaisa upang mapaghinawa ang pamumuhay ng mga dayuhan sa Lungsod ng Kawasaki. Unti-unting bubuo-in nila ang kanilang panukala upang isumite sa Mayor ng Lungsod. (Pinuno ng sub-komisyon Beatriz Izumi Sonoda)

Ang bagong bersyon ng "Para sa mga Dayuhang Residente ng Kawasaki" ay ibinigay.

Alam mo ba kung tungkol sa pulyeto na "Para sa mga Dayuhang Residente ng Kawasaki"? Maaari mong mahanap ang kapaki-pakinabang na impormasyon tungkol sa mga paaralan at paglipat, mga buwis, ospital, atbp., Sa maramihang wika (Ingles, Japanese, Chinese, Korean, Portuguese, Espanyol, Tagalog).

Ang bagong bersyon ng 2012 laki ng bulsa (A5), at madaling upang i-hold.

Ang pulyetong ito ay ibinigay sa mga opisina ng ward, pampublikong serbisyo sulok, civic halls at library atbp. (Walang bayad).

Lahat ng itoay mangyaring tingnan at ipagbigay-alam ang anumang tungkol dito sa iyong mga miyembro ng pamilya at iba pa na alam mo.



Iskedyul ng mga Pagpupulong sa Taong 2013 ng Kapulungan ng mga Kinatawan

Lugar: Kawasaki International Center

(Pinakamalapit na Istasyon: Toyoko Line Motosumiyoshi Station)

Oras: Mula alas 2 hanggang alas 5 ng hapon



Maaring makinig at mag-observerba ang sinuman ng alinman sa pagpupulong. Malugod na inaanyayahan ang lahat upang dumalo.

| | | |
|---------------------------|---------------------------------|---------------------------------------|
| Unang Pagpupulong | ●Unang Araw: Abril 21 (Linggo) | ●Ikalawang Araw: Mayo 26 (Linggo) |
| Pangalawang Pagpupulong | ●Unang Araw: Hunyo 23 (Linggo) | ●Ikalawang Araw: Setyembre 8 (Linggo) |
| Pangatlong Pagpupulong: | ●Unang Araw: Oktubre 6 (Linggo) | ●Ikalawang Araw: Disyembre 8 (Linggo) |
| Pang-apat na Pagpupulong: | ●Unang Araw: Enero 19 (Linggo) | ●Ikalawang Araw: Pebrero 16 (Linggo) |


Mga impormasyong kapaki-pakinabang para sa dayuhan ika-7

Halina! Magsaya tayo sa Kawasaki !

—Pagpapakilala sa magandang lugar ng mga bulaklak sa Kawasaki—

Ang tag-sibol (spring) ay panahon ng pamumulaklak. Saan ba kayo nanonood ng pag-sibolng mga bulaklak? (hanami) Bukod sa mga ipapakilalang lugar sa sumusunod, marami pang mga lugar na sikat. Samantalain natin ang panahong ito.

Sakura (Somei yoshino) Panahon ng pamumukadkad : katapusan ng Marso ~ umpisa ng buwan ng Abril



Ang mga iba't-ibang lugar ng pasyalan ay ipinakilala din sa iba't-ibang wika.

❁ 「Kawasaki, Iina」 Ingles, Intsik (Hantaiji at Kantaiji) at Koryano
<http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000039153.html>
 (Home page ng Kawasaki)

❁ 「Discover Kawasaki」 Ingles, Intsik (Hantaiji at Kantaiji) at koryano
<http://www.travelkawasaki.com/> (Home page ng Kawasaki City Tourist Association)

<Mga Katanungan > Tanggapan ng mga karapatang Pantao at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian, Kawanihan ng Kapakanan ng mga Mamamayan at mga Bata sa Lungsod ng Kawasaki

1 Miyamoto-cho, Kawasaki-ku, Kawasaki City 210-8577

Phone: 044-200-2359 Fax: 044-200-3914 E-mail: 25gaikok@city.kawasaki.jp

Ikinalulugod naming tanggapin ang inyong mga ideya at mungkahi hinggil sa News letter at Kapulungan.